JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsuktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


3



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 – Modyul 5
## Pakikilahok sa Proyekto na May Kinalaman sa Kapaligiran



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



## Alamin

Sa modyul na ito ay matutuhan mo ang kahalagahan ng kalinisan.

Layunin ng modyul na ito ay gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayan na ito.

- Nakapagpapanatili ng malinis at ligtas na pamayanan sa pamamagitan ng: palagiang pakikilahok sa proyekto ng pamayanan na may kinalaman sa kapaligiran.

**EsP3PPP-IIIe-g-16**



## Subukin

Sagutin ng **Tama** o **Mali** ang bawat ipinahayag ng pangungusap.

_____1. Tumulong sa mga proyekto sa paglilinis.

_____2. Iiwas sa pagtulong sa proyekto na Alay Linis.

_____3. Makialam sa proyekto ng barangay tungkol sa kalinisan.

_____4. Sirain ang mga bulaklak sa parke.

_____5. Itapon ang basura sa tamang lalagyan.

**ARALIN 5**

# Pakikilahok sa Proyekto na May Kinalaman sa Kapaligiran



## Balikan

Panuto: Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot na nasa kahon.

A. Magmano po ako Lola
B. Sorry po hindi ko sinasadya
C. Magpaalam na po ako.
D. Magandang gabi po Tiya
E. Bibigyan ko siya ng tubig

____1. Nasalubong mo ang iyong Tiya sa daan at gabi na. Ano ang iyong gagawin?

____ 2. Humingi ng tubig ang tao dahil nauuhaw siya.Ano ang dapat mong gawin?

____ 3. Dumating ang iyong lola galing probinsya.

____ 4. Nabunggo mo ang hindi kilalang tao.

____ 5. Bumisita ka sa iyong kaibigan ano ang iyong sasabihin kung aalis ka?



## klasin

Sa bahaging ito mapag-aaralan mo ang kahalagahan ng pagiging ligtas at maayos na pamayanan sa pamamagitan ng pagiging malinis tayo sa ating pamayanan.Basahin ang paalala upang matulungan kang makamit ito.

Basahin ang talata at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Malinis na Paaralan**

Dito sa aming paaralan
kalinisan ay kailangan,
Pagtapon ng basura kahit saan
Di dapat tularan.

Mga guro at mag-aaral ay magtulungan
Sa kalinisan ng kapaligiran,
Basura ay ihiwalay
Nabubulok at di nabubulok sa tamang basurahan ilagay.
Disiplina sa sarili ang kailangan,
Upang makamit ang kalinisan.

Sagutin ang mga tanong. Isulat sa patlang ang sagot.

1.Ano ang dapat pairalin sa paaralan?

_______________________________________________

2.Sino-sinu ang dapat magtulungan sa paaralan?

_______________________________________________

3.Bakit paghiwalayin ang mga basura?

_______________________________________________

4.Saan dapat ilagay ang pinaghiwalay na basura?

_______________________________________________

5.Ano ang gagawin upang makamit ang kalinisan?

_______________________________________________



## Suriin

Sa bahaging ito, mas mapapalalim ang iyong pang-unawa sa kahalagahan ng kalinisan sa ating pamayanan.

Ang kalinisan ay bahagi ng ating pamumuhay araw araw. Hangarin ng bawat mamamayan na maging malinis .Kapag malinis ang ating pamayanan ay magiging malusog din tayo at malayo sa mga sakit.Ito ay mag -umpisa sa ating sarili.sa pagtapon ng basura ay kailangan itapon sa dapat paglagyan.Magtulongan tayo para mithiin na kalinisan ay ating makamit.Makilahok sa proyekto sa pamayanan na may kinalaman sa kapaligiran.

Palawakin ang ating pag unawa sa ating binasang konsepto sa pamamagitan sa pagsagot sa mga sumusunod na katanungan.

1.Paano tayo makatulong upang makamit ang kalinisan?
2.Sino-sinu ang tinutukoy na magtulongan para kalinisan ay makamtan?
3.Bakit dapat pairalin ang disiplina kaugnay sa kalinisan?
4.Ano ang maaring mangyayari kapag ganap na matupad ang kalinisan sa pamayanan?
5.Bakit kaya dapat lumahok sa proyekto sa pamayanan na may kinalaman sa kapaligiran?



## Pagyamanin

**Panuto:** Gumawa ng slogan tungkol sa wastong pagtapon ng basura.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Slogan**

| Mga Pamantayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 3 | 2 | 1 |
| 1.Husay ng pagkagawa | Naipahayag ng husto ang tema | Hindi lubos na naipahayag ang tema | Walang naipahayag na tema |
| 2.Tamang saloobin sa paggawa | Naipakita at naipaliwanag nang maayos ang tamang saloobin sa ginawa | Naipakita at naipaliwanag nang maayos ngunit may pag alinlangan ang tamang saloobin sa ginawa | Hindi naipakita at naipaliwanag ang tamang saloobin sa ginawa |



## Isaisip

Lagi nating tandaan na ang pagpapahalaga sa ating kapaligiran ay makakatulong upang tayo ay maging responsable na mamamayan. Tayo ay binigyan ng Diyos ng isang lugar na ating matitirahan na nangangailangan ng tangapangalaga. Tungkulin natin na gampanan ang mga proyekto ng pamayanan na may kinalaman sa kapaligiran. Taos-puso nating gawin ang mga proyekto na magiging gabay para makamit ang minimithi nating malinis na kapaligiran at pamayanan.



## Isagawa

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap.Isulat sa patlang ang **Tama** kung ito ay nagsasaad ng katotohanan at **Mali** kung hindi nagsasaad ng katotohanan.

__________1. Ibukod ang basura na nabubulok at di – nabubulok.
__________2. Itapon ang mga basura sa kanal.
__________3. Sunugin ang mga di – nabubulok na basura.
__________4. Sasali ako sa proyekto na may kinalaman sa kalinisan ng kapaligiran.
__________5. Ang pagiging malinis at ligtas na pamayanan ay nagpakita na maunlad ang isang pamayanan.



## Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang dapat gawin kapag nakita mong nagkalat ang basura sa harapan ng bahay ninyo?
A. Pabayaan lang ito.
B. Hindi papansinin dahil basura ng kapitbahay inilipat sa harapan ninyo.
C. Linisin ang basura at ilagay sa tamang paglagyan.
D. Ikalat sa gitna ng daan.

2. Bakit mahalaga ang pagsunod sa wastong pagtapon ng basura?
A. Upang sakit ay maiwasan.
B. Upang makamit ang kalinisan.
C. Bahagi ng programa sa gobyerno na dapat ipatupad.
D. Lahat ay tama.

3. Ano ang dapat gawin para mahiwalay ang nabubulok at di - nabubulok?
A. Maglagay ng basurahan na walang etikita (label) ng nabubulok at di – nabubulok.
B. Suriin Mabuti ang basura bago ilagay sa dapat paglagyan.
C. Haluin lahat at itapon sa ilog
D. Wala sa nabanggit.

4. Ano ang maidudulot na kabutihan kung malinis ang ating pamayanan?
A. Malayo sa sakit ang mga tao at malusog.
B. Masakitin ang mga tao.
C. Magiging magulo ang mga tao.
D. Wala sa nabanggit.

5. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** nakapagpanatili na malinis at ligtas na pamayanan?
A. Wastong pagtatapon ng basura.
B. Itapon ang mga basura kahit saan.
C. Paglilinis at pakikiisa sa gawaing pantahanan at pangkapaligiran.
D. Magiging aktibo sa pakikilahok ng proyekto sa pamayanan hinggil sa kalinisan.



## Karagdagang Gawain

Nabasa mo na may nakasulat **"Bawal Magtapon ng Basura"** may nakita ka na lihim na nagtapon Ano ang nararapat mong gawin upang makatulong ka sa pagpapatupad sa proyekto ng pamayanan na may kinalaman sa kapaligiran?

## Sanggunian


- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao 3 , Kagamitan ng Mag-aaral , pp 161-168
- Kagawaran ng Edukasyon, Edukayon sa Pagpapakatao3, Patnubay ng Guro

  Pp 63-64

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: ROSALIE C. ANTIPOLO
Teacher III, Warlito E. Pulmones Elementary School
City East District, Pagadian City Division

Editor: MARILYN L. AMORES, EdD

Tagasuri:

Tagaguhit:

Tagalapat:

**Tagapamahala:**

**SDS- DANNY B. CORDOVA, CESO VI**

**ASDS- MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE**

**CID CHIEF- MARIA DIOSA Z. PERALTA**

**EPS-LRMS- MA. MADELENE P. MTUDA, EdD**

**SUPERVISOR- (ESP) JOVITA DUGENIA**



## Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | **Isagawa** | Tayahin |
|---|---|---|---|
| 1.tama | 1.D | 1.tama | 1.C |
| 2.mali | 2.E | 2.mali | 2.D |
| 3.tama | 3.A | 3.mali | 3.B |
| 4.mali | 4.B | 4.tama | 4.A |
| 5.tama | 5.C | 5.tama | 5.B |

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.